**PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA**

# Bakuna sa Rabies:
## *Ano Ang Kailangan Mong Malaman*

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

## 1. Bakit magpapabakuna?

**Mapipigilan ng bakuna sa rabies** ang **rabies**.

Ang rabies ay isang malubhang sakit na halos palaging nagreresulta sa kamatayan.

Ang rabies virus ay nakakaimpeksyon sa central nervous system. Maaaring mangyari ang mga sintomas mula sa ilang araw hanggang ilang taon pagkatapos ng pagkakalantad sa virus at kinabibilangan ng delirium (pagkalito), abnormal na pag-uugali, guni-guni, hydrophobia (takot sa tubig), at insomnia (hirap sa pagtulog), na nangyayari bago ang coma at kamatayan.

Ang mga tao ay maaaring makakuha ng rabies kung sila ay madikit sa laway o neural tissue ng isang naimpeksyong hayop, halimbawa sa pamamagitan ng kagat o kalmot, at hindi nakakatanggap ng naaangkop na pangangalagang medikal, kabilang ang bakuna sa rabies.

## 2. Bakuna sa rabies

Ang ilang **mga taong may mas mataas na panganib para sa pagkakalantad sa rabies, tulad ng mga taong nagtatrabaho sa mga hayop na posibleng naimpeksyon, ay inirerekomendang tumanggap ng bakuna** upang makatulong na maiwasan ang rabies kung mangyari ang pagkakalantad. Kung ikaw ay nasa mas mataas na panganib na malantad sa rabies virus:

- Dapat kang makatanggap ng 2 dosis ng bakuna sa rabies na ibinibigay sa mga araw 0 at 7.
- Depende sa antas ng iyong panganib, maaari kang payuhan na magkaroon ng isa o higit pang mga pagsusuri sa dugo o tumanggap ng booster na dosis sa loob ng 3 taon pagkatapos ng unang 2 dosis. Mabibigyan ka ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng higit pang mga detalye.

**Maaaring mapigilan ng bakuna sa rabies ang rabies kung ibibigay sa isang tao pagkatapos ng pagkakalantad**. Pagkatapos ng pagkakalantad o posibleng pagkakalantad sa rabies, dapat linising mabuti ang lugar ng sugat gamit ang sabon at tubig. Kung irerekomenda ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o lokal na departamento ng kalusugan ang pagbabakuna, ang bakuna ay dapat ibigay sa lalong madaling panahon pagkatapos ng pagkakalantad ngunit maaaring maging epektibo anumang oras bago magsimula ang mga sintomas. Sa sandaling magsimula ang mga sintomas, ang bakuna sa rabies ay hindi na nakakatulong sa pagpigil sa rabies.

- Kung hindi ka pa nabakunahan laban sa rabies sa nakaraan, kailangan mo ng 4 na dosis ng bakuna sa rabies sa loob ng 2 linggo (ibinibigay sa mga araw 0, 3, 7, at 14). Dapat ka ring kumuha ng isa pang gamot na tinatawag na rabies immunoglobulin sa araw na natanggap mo ang unang dosis ng bakuna sa rabies o sa lalong madaling panahon pagkatapos.
- Kung nakatanggap ka ng pagbabakuna sa rabies sa nakaraan, karaniwang kailangan mo lamang ng 2 dosis ng bakuna sa rabies pagkatapos ng pagkakalantad.

Maaaring ibigay ang bakuna sa rabies kasabay ng iba pang mga bakuna.

## 3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pagbabakuna kung ang taong babakunahan ay:

- Nagkaroon ng **allergic na reaksyon makalipas ang nakaraang dosis ng bakuna sa rabies**, o may anumang **malala, banta sa buhay na mga allergy**
- Mayroong **mahinang immune system**
- Ay **umiinom o planong uminom ng chloroquine o isang gamot na may kaugnayan sa chloroquine**
- Nakatanggap **ng bakuna sa rabies sa nakaraan** (kailangang malaman ng iyong tagapagbigay ng serbisyo kung kailan ka nakatanggap ng anumang mga dosis ng bakuna sa rabies sa nakaraan)

Sa ilang mga kaso, maaaring magpasya ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na ipagpaliban ang nakagawiang pagbabakuna sa rabies (pre-exposure) hanggang sa isang pagbisita sa hinaharap. O maaaring magsagawa ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng pagsusuri ng dugo bago o pagkatapos ibigay ang mga bakuna sa rabies upang matukoy ang antas ng iyong imyunidad laban sa rabies.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

Maaaring mabakunahan ang mga taong may kaunting karamdaman, tulad ng sipon. Ang mga taong may katamtaman o malalang sakit ay dapat karaniwang maghintay hanggang gumaling sila bago makakuha ng rutinang dosis (pre-exposure) ng bakuna sa rabies. **Kung ikaw ay nalantad sa rabies virus, dapat kang magpabakuna anuman ang kasabay na mga sakit, pagbubuntis, pagpapasuso, o mahinang immune system.**

Ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay makakapagbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.

## 4. Mga panganib ng isang reaksyon sa bakuna

- Ang pananakit, pamumula, pamamaga, o pangangati sa lugar ng iniksyon, at sakit ng ulo, pagduruwal, pananakit ng tiyan, pananakit ng kalamnan, o pagkahilo ay maaaring mangyari pagkatapos ng bakuna sa rabies.
- Ang mga pantal, pananakit ng mga kasukasuan, o lagnat ay nangyayari kung minsan pagkatapos ng mga booster na dosis.

Ang mga tao kung minsan ay hinihimatay matapos ang mga medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong tagapagbigay ng serbisyo kung nakakaramdam ka ng pagkahilo o may mga pagbabago sa iyong paningin o pag-ugong sa iyong mga tainga.

Tulad ng anumang gamot, mayroong napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay maging sanhi ng malalang allergic na reaksyon, ibang malubhang pinsala sa katawan, o pagkamatay.

## 5. Paano kung may isang malubhang problema?

Ang isang allergic na reaksyon ay maaaring mangyari pagkatapos na ang taong nabakunahan ay umalis sa klinika. Kung makakita ka ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksyon (mga pantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Para sa iba pang mga palatandaan na nakakabahala sa iyo, tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Dapat iulat ang mga hindi mabuting reaksyon sa Sistema ng Pag-uulat ng Hindi Mabuting Pangyayari kaugnay ng Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). Karaniwang isinusumite ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito. Bisitahin ang website ng VAERS sa **www.vaers.hhs.gov** o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaksyon, at ang mga tauhan ng VAERS ay hindi nagbibigay ng medikal na payo.*

## 6. Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bisitahin ang website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa mga kalakip ng pakete ng bakuna at karagdagang impormasyon sa **www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines**.
- Makipag-ugnay sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
  - Bisitahin ang website ng rabies ng CDC sa **www.cdc.gov/rabies**

Tagalog translation provided by Immunize.org